

## Pagsusuri para sa TB habang nagbubutis

### Bakit isinasagawa ang pagsusuri (o screening) sa TB sa mga buntis?

Sa panahon ng pagbubuntis, humihina ang reaksiyon ng immune system (o resistensya ng katawan) ng ina upang hindi tanggihan ng kanyang katawan ang lumalaking sanggol. Sa mga inang nahawaan ng tuberkulosis, tumataas ang panganib na magkaroon ng aktibong sakit habang buntis at pagkapanganak. Lalong pinahihina ng TB ang kalagayan ng ina habang lumalala ang sakit.

Sa panahon ng pagbubuntis, ang TB ng ina ay maaaring magpataas ng panganib ng maagang panganganak, mababang timbang ng sanggol, at pagkamatay ng bagong silang na sanggol. Maaaring mahawaan ang sanggol habang nasa sinapupunan pa o agad pagkapanganak, at ang sakit ay maaaring maging banta sa buhay ng bagong silang na sanggol.

Lingid sa kanyang kaalaman, ang isang inang may TB ay maaaring makahawa ng ibang miyembro ng pamilya at mga taong madalas niyang nakakasalamuha, pati na sa maternity clinic (neuvola) at sa maternity hospital. Dahil sa mga kadahilanang ito, mahalaga ang maagang pagtuklas at agarang paggamot ng TB ng ina. Nakakatulong ang pagsusuri (o screening) upang maprotektahan ang kalusugan ng mga ina, mga bagong silang na sanggol, at mga taong malalapit sa kanila.


### Sino ang dapat sumailalim sa pagsusuri (o screening), anong mga test ang dapat gawin, at kailan dapat isagawa ang mga ito?

Isinasagawa ang mga pagsusuri sa mga taong nanganib na mahawa ng tuberkulosis sa anumang panahon ng kanilang buhay. Ang mga buntis na kabilang sa mga grupong nasa panganib ay binibigyan ng talatanungan (questionnaire) tungkol sa mga sintomas at isinasagawa ang chest X-ray. Ang talatanungan (questionnaire) tungkol sa mga sintomas ay isinasagawa sa maternity clinic (neuvola) habang maaga pa ang pagbubuntis at sa maternity hospital. Ang chest X-ray ay isinasagawa 4–6 na linggo bago ang panganganak. Ang maternity clinic (neuvola) ang nag-aayos ng referral at nagbibigay ng gabay para sa chest X-ray.

Humihina ang reaksiyon ng immune system (o resistensya ng katawan) ng ina, at tumataas ang panganib na magkaroon ng TB sa bawat pagbubuntis. Dahil dito, isinasagawa ang bagong chest X-ray sa bawat pagbubuntis.

### Ikaw ay kabilang sa grupo na may panganib sa TB kung:

- ❖ Ipinanganak ka o nanirahan sa isang bansa kung saan laganap ang TB
- ❖ Ikaw ay dumating sa Finland bilang isang refugee o asylum seeker
- ❖ Ikaw ay dumating sa Finland mula sa isang refugee camp o lugar na may digmaan o kaguluhan
- ❖ May taong malapit sa iyo na nagkaroon ng TB, o ikaw mismo ay nagkasakit na ng TB
- ❖ Nag-alaga ka ng mga pasyenteng may TB sa iyong trabaho



## **Wala naman akong mga sintomas, bakit kinakailangan pa ang chest X-ray?**

Maaaring may tuberkulosis sa baga kahit wala pang sintomas ang isang tao. Maaaring matuklasan ang sakit sa pamamagitan ng chest X-ray. Kung hindi matuklasan ang TB sa baga ng inang nagbubuntis, maaaring hindi mapansin ang impeksiyon ng bagong silang na sanggol, at maaaring magkasakit nang malubha ang bata. Dahil dito, isinasagawa ang chest X-ray kahit walang sintomas ng TB ang ina basta kabilang siya sa grupong nasa panganib.

## **Ang chest X-ray ay hindi nakakasama sa sanggol sa sinapupunan**

Para sa ina, napakababa ng pagka expose sa radyasyon mula sa digital chest X-ray. Katumbas ito ng antas ng natural na radyasyon mula sa kapaligiran na natatanggap ng lahat ng tao, kabilang ang mga bata, sa loob ng humigit-kumulang walong araw. Ang sanggol sa sinapupunan ay hindi kasama sa bahagi ng katawan na ginagawan ng x-ray, at ang X-ray ay hindi nakakasama sa kanya.

## **Ano ang Tuberkulosis?**

Ang tuberkulosis ay isang sakit na dulot ng bakteryang na kadalasang nakakaapeto sa baga, ngunit maaari ring tumama sa ibang bahagi ng katawan. Kapag ang isang taong may TB ay nagsasalita o umuubo, nailalabas niya sa hangin ang mga bakteryang. Naipapasa ang TB sa pamamagitan ng hangin na ating nilalanghap, at maaaring ma-expose at mahawa ang isang tao nang hindi niya nalalaman.

Ang TB ay isang pangkaraniwang sakit sa buong mundo. Taun-taon, mahigit sa sampung milyong tao ang nagkakasakit nito at 1.3 milyong tao ang namamatay dahil dito. Tinatayang isang-kapat ng populasyon ng mundo ay nahawaan na ng TB. Kadalasan, nananatiling hindi aktibo ang bakteryang sa katawan (latent tuberculosis infection).

Kahit pa nakuha ang impeksiyon noong pagkabata, maaaring maging aktibo ang bakteryang at magdulot ng sakit sa anumang oras sa buhay ng isang tao. Ang mahinang immune system (o resistensiya ng katawan) ay nagpapataas ng panganib na magkaroon ng sakit. Ang pagbubuntis ay isang halimbawa ng ganitong kondisyon. Mas mataas ang panganib sa mga maliliit na bata at pinakamataas sa mga bagong silang na sanggol.

Sa Finland, mas kaunti sa 200 katao ang nadadayagnos na may TB bawat taon, at mahigit kalahati sa mga naaapektuhan ay mga migrante. Ang sakit ay maaaring mapagaling ng mga gamot. Sa Finland, parehong libre ang pagsusuri at paggamot.

## **Ano ang mga sintomas ng tuberculosi (TB)?**

Ang pinaka-karaniwang sintomas ng TB ay ang ubo na tumatagal ng mahigit sa tatlong linggo at pag-ubo ng plema (plema na galing sa baga). Maaaring may dugo ang plema. Ang taong may sakit ay maaring magkaroon ng lagnat, pagbaba ang timbang, at sobrang pagpapawis sa gabi. Ang pangkalahatang kalusugan at gana sa pagkain ay maaari ring bumaba. Sa mga buntis, maaaring banayad ang mga sintomas ng TB at maaaring kahawig ng mga karaniwang sintomas na dulot ng pagbubuntis. Dahil dito, mahalagang ipaalam ang lahat ng sintomas sa isang nars o doktor.

Makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa tuberculosi sa iba't ibang wika sa website na [tuberkuloosi.fi](http://tuberkuloosi.fi)